ABSTRAK

**Pangalan ng Paaralan:** Pamantasang De La Salle-Dasmariñas

**Lokasyon:** Dasmariñas Bagong Bayan, Cavite

**PAMAGAT:** Mga Motibasyon ng mga Piling Manghuhula ng Kalakhang Maynila at ang mga Epekto Nito sa Kanilang Pagkilos at Pakikitungo sa Kanilang mga Hinuhulaan.

**MGA MANANALIKSIK:** Devee A. Bayan, Christine Julet D. Padul at Kathryn C. Vidal

**PINAGKUNAN NG PONDO:** Mga Magulang **HALAGA:** P 15,000.00

**SINIMULAN:** Hunyo, 1998 **NATAPOS:** Enero, 1999

**LAYUNIN NG PAG-AARAL:**

1. Alamin ang profile ng motibasyon ng mga manghuhula sa Kalakhang Maynila.
2. Alamin ang kanilang mga motibasyon sa kanilang gawain.
3. Alamin ang mga pamamaraan ng kanilang pakikitungo sa mga kliyente.
4. Alamin kung mayroon bang epekto ang mga motibasyon ng mga kalahok sa kanilang mga kliyente.

**SAKLAW NG PAG-AARAL:**

Ang pag-aaral na ito ay sumasakop lamang sa 18 manghuhula sa Kalakhang Maynila na 2 hanggang 40 taon nang nanghuhula.

**METODOLOHIYA:**

Isang pakikipanayam, pagmamasid at nakikilahok sa pagmamasid ang paraang ginamit ng mga mananaliksik. Sila ay pumili ng mga kalahok sa pamamagitan ng "convience sampling".

**PANGUNAHING NATUKLASAN:**

Natuklasan sa pag-aaral na ito na ang lahat ng mga kalahok ay may may iba't ibang motibasyon na siyang nagtutulak sa kanila para manghula. Ang mga ito ay bilang trabaho, pagtulong, interes o libangan, at kanilang misyon. Mayroon ding iba't ibang pamamaraan ng pakikitungo ang mga kalahok: seryoso, masaya, nag-aalinlangan, mahiyain at suplada.

Natuklasan ding may katamtamang implikasyon ang mga motibasyon ng mga kalahok sa kanilang pakikitungo sa kanilang mga kliyente. Base ito sa kanilang lebel ng pangangailangan ni H.A. Murray sa kanyang "Need Theory".

**KONKLUSYON:**

Batay sa mga interpretasyon ng mga mananaliksik, ang mga sumusunod ang mga natuklasan:

Gaya ng isang ordinaryong tao, ang mga manghuhula ay may mga motibasyon din para sila manghula. Ang mga ito ay ang trabaho o propesyon,

pagtulong, interes o libangan at misyon. Hindi maikakaila na kung bakit nanghuhula ang mga kalahok ay hindi lamang para kumita ng pera kundi dahil sa mga nabanggit na motibasyon. Kung ang mga manghúhula ay nagpapabayad ay sa dahilang kailangan din nilang mabuhay, sa hirap ng buhay wala nang masasabing libre sa mundo. Ang mga motibasyon na nabanggit ay ang mga pangunahing dahilan ng mga kalahok na manghuhula para sila ay pumasok sa ganitong propesyon.

Ang mga manghuhula ay may mga kanya-kanyang pamamaraan sa panghuhula at kung paano nila pakiharapan ang kanilang hinuhulaan. May mga dahilan ang mga manghuhula sa kanilang pamamaraan ng pakikitungo, sinasabi nila na sa ganitong paraan ng kanilang pamamaraan ay higit na naiingganyo ang mga nagpapahula na bumalik-balik upang muling sumangguni sa kanila. Ang iba naman ay dumedepende sa kanilang taong pakikiharapan o sa kanilang nararamdaman. Hindi maiaalis sa mga manghuhula na iba-iba ang kanilang pagharap sa kanilang hinuhulaan dahil maraming salik ang nakakaepekto sa kanilang pakikitungo at isa na rito ang motibasyon nila kung bakit sila nanghuhula. Masasabi na walang epekto ang motibasyon sa pakikitungo at pagkilos ng mga kalahok dahil hindi lamang motibasyon ang nag-iisang dahilan sa uri ng pagkilos at pakikitungo ng isang indibidwal, maaaring ikonsidera ang iba pang mga paktor sa kanilang kapaligiran.

**REKOMENDASYON:**

1. Sa mga nagnanais at interesado sa pag-aaral na ito inererekomenda ng mga mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral sa iba't ibang lugar bukod sa Kalakhang Maynila. Maaaring ipokus ang isasagawang pag-aaral sa kalapit na probinsya upang mapag-alaman ang iba pang uri ng motibasyon ng mga manghuhula sa lugar na iyon at maikumpara ito sa motibasyon ng mga manghuhula sa Kalakhang Maynila.

2. Inerekomenda rin ng mga mananaliksik na dagdagan ang bilang ng mga kalahok kung nais ulitin ang pag-aaral na ito.

3.Maaari rin na dagdagan ang mga baryabol na konekta sa motibasyon at pakikiharap ng manghuhula.

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines